Forest Foundation Philippines
Let's grow together.

WHERE - TO - NEXT ?

RAGS2RICHES

Ages 8+

# Earth Rangers HANDBOOK

A fun and interactive guide to taking care of our planet

Isang masaya at interaktibong gabay sa pag-alaga ng ating planeta



# Wildlife Trails
# Daanan ng Buhay-ilang

## Activity: Wildlife Explorer
## Aktibidad: Manlalakbay ng Mundo

Discover some of the endemic creatures of the Philippines. Using your detective skills, guess their names by filling in the blanks. Use the clues given below to identify each creature. Answers can be found on the back page of the journal.

Tuklasin ang mga hayop na *endemic* sa Pilipinas. Manaliksik at hulaan ang kanilang mga pangalan sa pamamagitan ng pagpupuna ng mga titik sa mga blankong linya. Gamitin ang mga pahiwatig upang matuklasan kung ano ang hinahanap na hayop. Matatagpuan mo rin ang mga sagot sa likod ng librong ito.

**_ _ I _ _ _ _ I _ E   E _ _ _ E**

Clues:
- They are locally known as *Haribon* or *Haring Ibon*.[2]
- They have very good eyesight with the ability to see eight times farther than human beings can. They can see their prey up to 2 kilometers away.[3]
- As of February 2022, there are only about 300 to 400 pairs left, making them **Critically Endangered**.[4]
- They can survive and thrive better in **contiguous forest areas** or groups of trees that are linked together with one another.[5]

Sino Ako?
- Kilala sila bilang Haribon o Haring Ibon.
- Matalas ang kanilang paningin. Kaya nilang makakita ng walong beses na mas malayo pa sa nakikita ng ating mga mata. Nakikita nila ang kanilang mga huhulihing hayop mula sa layo na 2 kilometro.
- Nung Pebrero 2022, idineklara na **Critically Endangered** ang dami ng kanilang uri, sapagkat 300 hanggang 400 na lang na pares na lang ang natitira.
- Kaya nilang mabuhay at dumami sa mga gubat kung saan makakadikit ang mga puno.



Critically Endangered means there are only a few species left in the wild before it officially becomes **extinct**, just like dinosaurs.

Kapag sinabing Critically Endangered ang hayop, ibig sabihin kakaunti na lamang ang natitira sa kanila, at nanganganib na mawala sila sa ating mundo, tulad ng mga *dinosaur*.


## _ A _ A _ A W

Clues:

- This creature can only be found in Mindoro.[6]
- One of its unique features is its recognizable “V” shaped horn.[6]
- They are herbivores, mostly feeding on grass and bamboo shoots.[6]

Sino Ako?

- Sa Mindoro lang mahahanap ang hayop na ito.
- Ang hugis “V” niyang sungay ang isa sa mga kakaibang katangian nito.
- Halaman lang ang kinakain nito. Mahilig siya sa iba’t ibang uri ng dahon at labong.






## _ _ I _ _ _ _ I _ E T _ R _ _ _ _

Clues:

- They can be found in Bohol, Samar, Leyte, Mindanao, and other islands such as the Dinagat Islands.[7]
- This creature is part of the Guinness Book of World Records as the mammal with the largest eyes in proportion to its body.[8]
- It is one of the world’s most endangered primates because of forest destruction, **poaching** of animals, and other human activities.

Sino Ako?

- Matatagpuan ito sa Bohol, Samar, Leyte, Mindanao, at sa mga pulo tulad ng kapuluan ng Dinagat.
- Kasama ang hayop na ito sa Guinness Book of World Records bilang katangi-tanging *mammal* na may matang mas malaki kumpara sa laki ng kanyang katawan.
- Isa ito sa mga pinakananganganib na mawala sa lahat ng mga uri ng unggoy, sapagkat lubos nang nasira ang kanilang mga tahanan, patuloy ang ilegal na pagbenta sa kanila, at iba pang mga aktibidad na mapanakit sa kanilang uri.



# Native Trees
# Mga Katutubong Puno



## Activity: Catch 'Em All!

**Instructions:**

1. Get to know some of the common native trees in the Philippines by downloading the iNaturalist app at inaturalist.org or you may also visit philippineplants.org.
2. Walk around your neighborhood and look for native trees. Collect samples of flowers or leaves from native trees that have fallen to the ground. They should represent a diverse array of shapes and forms.
3. Research and add their characteristics to your field report below.

## Aktibidad: *Catch 'Em All!*

**Mga hakbang:**

1. Alamin ang mga katutubong punong laganap sa Pilipinas sa pamamagitan ng pag-*download* sa *app* na iNaturalist mula sa inaturalist.org o pagbisita sa pook-sapot na philippineplants.org.
2. Mangolekta ng mga maliit na dahon o bulaklak na nahulog mula sa mga katutubong puno. Makikita mo na samu't-sari ang kulay at hugis ng mga ito.
3. Manaliksik pa at itala ang mga mauulat mong mga katangian nila sa ibaba.


**Native Trees Field Report**
**Pag-uulat sa mga Katutubong Puno**

| Common Name<br>Karaniwang Pangalan | Scientific Name<br>Siyentipikong Pangalan | Spotted at<br>Nakita sa | Unique Traits<br>Kakaibang mga Katangian | Uses<br>Mga Paggamit |
|---|---|---|---|---|
| *Kátmon-Kalábaw*[1] | *Dillenia reifferscheidia* | *Mt. Makiling Forest Reserve* | • *needs full sun to grow*<br>• *simple leaves*<br>• *white petals for flowers*<br>• *fruit bearing* | *Wood can be used to build structures, fruits can be eaten raw or cooked, and it's useful in traditional medicine* |

| Common Name<br>Karaniwang Pangalan | Scientific Name<br>Siyentipikong Pangalan | Spotted at<br>Nakita sa | Unique Traits<br>Kakaibang mga Katangian | Uses<br>Mga Paggamit |
| --- | --- | --- | --- | --- |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |



# Climate Corner
# Sa Kanto ng Klima



# Activity: Climate Care Tic-Tac-Toe

Adopt the habits of a Climate Champion by doing this tic-tac-toe activity.

- Choose a task below that you would like to try today.
- Once you are done with the task, mark its box with an "O" or "X" and celebrate!

It's a mission accomplished when you have marked three boxes in a row diagonally, horizontally, or vertically! You may also play this game together with your household or as a fun competition together with a friend or loved one.

# Aktibidad: Tic-Tac-Toe para sa Klima

Maging ganap na Kampeon ng Klima sa pamamagitan ng tic-tac-toe na ito!

- Pumili ng isang gawain na pinakagusto mong subukin.
- Kapag natapos ka na sa gawain na iyon, markahan ng "O" o "X" ang kahon.

*Mission accomplished* na kapag naka-tatlo ka sa isang hanay: pahilis, patayo, o pahiga man! Maaari mo rin itong kumpletuhin sa tulong ng kapamilya mo at pwede niyong gawing paligsahan ang kung sino man ang unang makakumpleto ng mga marka.





**Climate Care Tic-Tac-Toe / Tic-Tac-Toe para sa Klima**

| | | |
|---|---|---|
| Eat more vegetables in meals to help lessen meat consumption.<br>Piliing kumain ng gulay para mabawasan ang pagkonsumo ng karne. | Eat food that is locally grown and in season.<br>Kumain ng pagkain na napapanahon at gawa sa lokal na produkto. | Snack on fruits and vegetables instead of pre-packaged snacks like junk food.<br>Piliing magmeryenda ng prutas at gulay imbis na mga tsitsiryang nakapakete. |
| Share your learnings about the climate crisis by talking to your friends and family about it.<br>Ipahamagi ang mga natutunan mo tungkol sa *climate crisis* sa iyong mga kaibigan at kapamilya. | Do the Earth Toast activity with a friend.<br>Gumawa ng Earth Toast kasama ng isang kaibigan. | Create a Climate Care poster and hang it at home.<br>Gumawa ng *Climate Care poster* at ipaskil sa loob ng bahay. |
| Bring a reusable bag when buying in a shop or grocery.<br>Magdala ng *reusable* na bag tuwing pupunta ng tindahan imbis na gumamit ng plastik. | Go outside to discover and play.<br>Lumabas para maglakbay at maglaro! | Take a shorter bath than usual to conserve water and energy.<br>Iklian ang oras ng pagligo para makatipid ng tubig at kuryente. |



Way to go, Earth Ranger! Don't forget that the Climate Care Tic-Tac-Toe works best if you combine these practices together with what you learned in conserving **energy** and lessening waste from Energy Mountains and Waste Wonders.

Ayus, Earth Ranger! Huwag kalilimutan na gumagana lang ang Tic-Tac-Toe para sa Klima kung pinagsasabay ang mga gawain na ito sa mga natutunan mong pagtitipid ng kuryente at pagbabawas ng ating kalat mula sa mga pahina ng Bundok ng Enerhiya at Mahika sa Basura.